# "UNUM CORPUS IN CHRISTO"

Mga kapatid ko kay Kristo sa Diyosesis ng Saitama

**Maligayang Bagong Taon sa inyong lahat.**

Pinagdiriwang natin ang unang araw ng bagong taon sa Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos. Mula 1968 ginawa din natin sa parehong araw bilang Araw ng Kapayapaan, na ginawa ni Santo Papa Paulo VI para sa kapayapaan ng buong mundo, kung saan ang mga tao ay naharap sa sobrang pighati at tensiyon na may panggigipit sa mga makapangyarihang bansa. Nakakalungkot lang na tayo ay magpahanggang ngayon ay hindi pa natin nakikita ang paghinto ng mga digmaan sa iba't-ibang panig ng mundo. Subalit, gumagawa ng pagsisikap na mapanatili ang Kapayapaan sa mundo ng Simbahang Katoliko na pinalakas sa buong mundo, pati na rin dito sa Japan. Ang kasalukuyang Papa Fransisko, bilang Pinuno ng Simbahan, ay halos bawat taon ay patuloy na nag-organisa ng pagpupulong internasyonal na panalangin para sa Kapayapaan ng mundo, sa pamamagitan ng pag-anyaya ng hindi lang mga Katoliko pati na rin ang mga pinuno ng iba't-ibang relihiyon.

Siya nga pala, ang pagkalat ng impeksiyon ng Covid 19 sa dumaang tatlong taon na tumama sa komunidad ng simbahan sa lahat ng aspeto ng simbahan sa hindi kapani-paniwalang paraan. Bilang mga resulta, marami sa mga tao sa parokya ay patuloy na dumidistansiya sa simbahan. Nagtataka ako kung meron ilan ang hindi pa bumalik sa simbahan kahit pagkatapos payagan na idaos ang mga misa kasama ang kongregasyon. Tinanong ko ang mga kura paroko at mga miyembro ng mga kometiba ng parokya na isipin ang tungkol sa pagsisimula ng mga gawain ng iba't-ibang grupo sa parokya. Bagama't, ang ating buhay kasabay ang covid 19 ay maaring magpatuloy ng konti, gagawa tayo ng panibagong pagsisimula sa mga gawain ng parokya ng pakonti-konti na may pananabik.

Pinapaalalahanan ako ng pinagtuonang salita ng papa sa "Bagong Ebanghelisasyon" ni Santo Papa John Paul II nuong siya ay bumisita sa Mexico para sa sinudo ng mga obispo ng Latinong Amerika nuong 1979. Sa salita ng papa, binigyan niya ng diin ang "pagiging bago" ng "Bagong Ebanghelisasyon", na dapat "tumugon sa mga bagong situwasiyon kasabay ang bagong ebanghelisasyon, mga paraan na magdadala ng Ebanghelyo ni Kristo sa lahat ng tao, kahit ano ang kondisyon nila sa buhay".

Mga kapatid, segurado ako na kayo ay talagang pinagpala ng Diyos, at pagkatapos ng Covid 19 ay magsisimula kayo ng panibagong buhay, una, sa

pagdalo sa mga misa sa Linggo, at sama-samang manalangin kasama ang mga kaibigan sa parokya na nakabase sa pagkakaisa sa Panginoon, at pinakahuli ay ang pagsusumikap na magbigay ng Pagmamahal at Kawanggawa sa iba. Isaisip ang nasa itaas at magsimula tayo ng bagong taon.

Sa simula ng taon na ito na kung saan ay nakalimang taon na ako sa pagka-obispo ng Saitama, nagpapasalamat ako sa Diyos dahil sa espisyal na kayamanan na binigay niya sa Diyosesis ng Saitama, at marami sa mga kasapi na mga nasyonalidad na mga dayuhan ang naging napakaimportanteng bahagi ng mga parokya, hindi lang mga nagbibiyahe, kundi mga residensiyal na mga miyembro. Sa palagay ko ay nandito na tayo sa bagong kapanahunan kung saan ang mga bata, na isinilang at pinalaki sa Japan, ay magbabahagi sila sa ating simbahan at sa lipunan. Ang ating Diyosesis ay isang napakalaking komunidad. Nakikiusap ako sa inyo na gumawa ng pagsisikap na mapalalim ang ating Kristiyanong pakikisama sa mga tao na mga dayuhan na ipinadala ng Diyos galing sa iba't-ibang bahagi ng mundo, at sama-samang maglakbay at sumulong kasama sila.

Ang aking salawikain bilang Obispo ay "UNUM CORPUS IN CHRISTO" ay aking ipanalangin, na maging salawikain ng buong Diyosesis sa bagong taon na ito.

Sa simula ng taon na ito ibahagi ko ang mga pagpapala sa inyong lahat. Sana sabay kayo at ako na maglakbay sa ngalan ng Diyos.

Pagpalain at protektahan nawa kayo at bigyan ng Panginoon ng inyong pangangailangan.

Sa ngalan ng Ama at Anak at Espiritu Santo. Amen.

Enero I, Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos.

Ang Obispo ng Saitama

Mario Michiaki Yamanouchi